



Patnubay para sa Pamumuhay ng mga Dayuhan



Filipino



Oktubre 2024



Ang Siyudad ng Hiroshima



◆◆◆ Nilalaman ◆◆◆

Maligayang pagdating sa Hiroshima		
1	Numero ng Telepono sa Panahon ng Emergency	1
1 – 1	Sunog, Biglaang Pagkakasakit at Mga Serbisyo sa Pagliligtas Pinsala	1
1 – 2	Aksidente Trapiko at Krimen	1
2	Kapakipakinabang na impormasyon tungkol sa Pang-araw-araw na pamumuhay	2
2 – 1	Basura	2
2 – 2	Tubig, Kanal na Paagusan, Kuryente at Gas	3
2 – 3	Bahay Tirahan	4
2 – 4	Tanggapan ng Koreo o Post Office	6
2 – 5	Alituntunin ng mga Daan	6
3	Mahahalagang Papel	9
3 – 1	Paninirahan sa Bansang Hapon	9
3 – 2	Pagpaparehistro ng Tirahan	10
3 – 3	Kapanganakan ng Bata / Kamatayan / Kasal / Diborsyo	12
3 – 4	Seguro ng Kalusugan (Health Insurance)	14
3 – 5	Seguro para sa Pangmatagalang Pangangalaga (Long-Term Care Insurance)	16
3 – 6	Pensyon	17
3 – 7	Buwis	18
3 – 8	Mga Pamamaraang Kailangan kapag Uuwi sa Sariling Bansa o Maglilipat sa Ibang Bansa	21
4	Serbisyo sa Pagsuporta	24
4 – 1	Kapag Nagkasakit o Nagka-injury (Ospital / Klinika), Pag-iwas sa Nakakahawang Sakit	24
4 – 2	Kalusugan at Kapakanan	26
4 – 3	Pag-aalaga ng Bata (Panganganak at Pagpapalaki ng Bata)	27
4 – 4	Edukasyon	28
4 – 5	Trabaho	30
4 – 6	Problema sa Pananalapi	31
5	Para sa Mga Gustong Matuto ng Nihongo	32
6	Laging Paghahanda para sa Kalamidad ng kalikasan	37
7	Mga lugar na may sapat na kaalaman at Pagpapayo	40
7 – 1	Mga serbisyo sa Pagkunsulta	40
7 – 2	Mga Pasilidad at Ahensya	44
7 – 3	Opisinang Pang diplomatiko at International Organizations	49
7 – 4	Fiesta Opisyal.Mga Emergency Ospital sa gabi	50
7 – 5	Iba pang Impormasyon	51
8	Mga Palatandaan at Simbolo sa Araw-araw na Pamumuhay	53
9	Wastong Paraan ng Pagtatapon ng Basura mula sa Tahanan	55
10	Medikal at Emergency Card para sa mga Dayuhang Mamamayan	62

Maligayang pagdating sa Hiroshima

Maligayang Pagdating, isang internasyonal na lungsod para sa kultura ng kapayapaan. Ang Patnubay na aklat na ito ay para sa lahat ng mga dayuhan na naninirahan sa siyudad ng Hiroshima.

Ito po ay naglalaman ng mga kaalaman tungkol sa panahon ng kalamidad, biglaang hindi inaasahang pangyayari, iba't ibang pamamaraan at mahahalagang paksa na makakatulong sa pang araw araw na kabuhayan.

Para sa mga hindi nakakaunawa masyado ng Nihongo, sumangguni sa Consultation Counter para sa mga Dayuhan ng Lungsod ng Hiroshima at Aki-gun. (TEL 082-241- 5010). Para sa mga taong nagsimulang mamuhay sa Lungsod ng Hiroshima, magpapaliwanag ang tagapayo ng tanggapan ng konsultasyon tungkol sa inyong bagong pamumuhay sa Lungsod ng Hiroshima. Kung nais tumanggap ng paliwanag, mangyaring kumuha ng appointment sa tanggapan ng konsultasyon.

Inaasahan po namin na kayo po ay magkaroon ng matiwasay na pamumuhay sa Siyudad ng Hiroshima.



Ito ang marka ng Lungsod ng Hiroshima.

Kung makatanggap ng impormasyon na nagtataglay ng ganitong marka, siguraduhing basahin ang nilalaman.

1 Numero ng Telepono sa Panahon ng Emergency

1 – 1 Sunog, Biglaang Pagkakasakit at Mga Serbisyo sa Pagliligtas Pinsala

Kung mayroong sunog, emergency (biglaang sakit o pinsala), o dili kaya mga Serbisyo sa Pagliligtas Pinsala (kung nangangailangan ka ng saklolo sa panahon ng likas ng kalamidad, atbp) tumawag po sa ambulansya o fire truck numero "119".

Mangyaring sabihin ang mga sumusunod:

1. Sunog o emergency
2. Sabihin ng malinaw ang address, lokasyon at dahilan ng pagtawag
3. Pangalan at numero ng telepono ng taong tumawag sa "119".

Ang paggamit po ng serbisyo ng ambulansya ay libre po huwag pong gamitin ang serbisyo sa mga magagaang sakit.

Kapag hindi alam kung dapat tumawag ng ambulansya, kung dapat sariling pumunta sa ospital, at kung saang ospital dapat pumunta, mangyaring tumawag sa Emergency Consultation Center (Tel. #7119 o 082-246-2000). Magbibigay ng payo ang mga nurse.

119



1 – 2 Aksidente sa Daan at Krimen

Kung mayroong aksidente sa daan o krimen, tumawag ng "110".

Mangyaring sabihin ang mga sumusunod.

1. Kung mayroong aksidente ng mga sasakyan o krimen
2. Kailan at saan
3. Ano ang nangyari
4. Kung mayroong nasaktan na tao
5. Pangalan at numero ng telepono ng taong tumawag sa "110"

Kung kayo ay nasugatan at nais na gumamit ng ambulansya, tumawag sa "119".

110



2 Kapakipakinabang na Impormasyon tungkol sa Pang-araw-araw na pamumuhay

2 – 1 Paraan ng Pagtatapon ng Basura

(1) Paghiwa hiwalay ng mga basura

Itapon ang mga basura mula sa bahay matapos paghiwa hiwalayin sa walong uri:

1. Nasusunog na basura
2. Pet bottle
3. Plastik na maaaring i-recycle (Plastik na pambalot o container)
4. Iba pang uri ng plastic (Maliban sa pambalot o container)
5. Di-nasusunog na basura
6. Maaaring ire cycle na mga basura
7. Basurang mapanganib sa kalusugan
8. Malalaking basura



Para sa higit pang detalye, basahin ang "Wastong Paraan ng Pagtatapon ng Basura mula sa Tahanan" (pahina 55).

Nakasulat din ito sa website ng Lungsod ng Hiroshima. Bukod sa wikang Hapon, maaari ring tingnan ang paraan ng pagtatapon ng basura mula sa tahanan sa wikang Ingles, Intsik, Koreano, Portuguese, Espanyol, Filipino at Vietnamese.

<https://www.city.hiroshima.lg.jp/site/kateigomi/363649.html>



(2) Koleksyon ng basura

Mangyaring itapon ang basura sa nakatakdang lugar nang hindi lalampas ng 8:30 ng umaga sa araw ng pagkolekta. Ang "araw ng pagkolekta" ang araw kung kailan maaaring magtatapon ng basura.

Tungkol sa lugar kung saan itatapon ang basura, mangyaring magtanong sa inyong kapitbahay o sa Sanitation Office (pahina 48).

Itinatakda ang araw ng pagkolekta ayon sa uri ng basura at sa distrito kung saan nakatira.

Mangyaring tingnan ang website ng Lungsod ng Hiroshima para sa mga detalye.

<https://www.city.hiroshima.lg.jp/life/1/11/81/>



(3) Paraan ng pagtatapon ng malalaking basura (may bayad)

Malalaking basura ang mga basurang 30 cm o higit pa ang laki. (meron bayad) (magtatapon ng malalaking basura. Bago magtatapon ng malalaking basura, mangyaring magpareserba sa Sentro ng Tanggapan para sa Malalaking Basura.

1. Magpareserba sa telepono (operator sa wikang Hapon lamang)

Tel. 0570-082530

(Hindi sakop sa flat-rate plan para sa pagtawag ng mga cellphone carrier.)

Tel. 082-544-5300

Deadline ng pagpareserba: Bilangin mula sa araw bago ng pagkolekta ng basura sa distrito kung saan nakatira, 3 araw bago noon liban sa mga holiday

2. Magpareserba online

<https://www.city.hiroshima.lg.jp/site/kateigomi/13279.html>

Deadline ng pagpareserba: Bilangin mula sa araw bago ng pagkolekta ng basura sa distrito kung saan nakatira, 5 araw bago noon liban sa mga holiday



Holiday ng Sentro ng Tanggapan para sa Malalaking Basura:

Sabado, Linggo, pista opisyal atbp., katapusan at simula ng taon, Agosto 6

Mangyaring tingnan ang pahina 59 tungkol sa paraan ng pagbabayad ng halagang kailangan para magtapon ng malalaking basura, at iba pang detalye.

2 – 2 Tubig, Kanal na Paagusan, Elektrisidad at Gas



(1) Serbisyo ng tubig at tubig sa kanal

1. Pag simulang gamitin at ihinto ng tubig

Kung ninanais ninyong gumamit o ihinto ang pagtutustos (supply) ng tubig makipag ugnayan po sa Waterworks Bureau Newly Moved Customer Advice Center ng Lunsod Ng Hiroshima ng maaga 3 o 4 na araw. Maaari ring mag-apply mula sa website ng Waterworks Bureau.

Waterworks Bureau Newly Moved Customer Adviced Center

Tel. 082-511-5959 Fax 082-228-8861

<https://www.water.city.hiroshima.lg.jp/soshiki/5/401.html>



2. Mga Katanungan tungkol sa bayarin ng tubig at gastos sa kanal ng tubig

Para sa impormasyon tungkol sa bayarin sa tubig, makipag-ugnayan sa tanggapan ng serbisyo ng tubig sa inyong lugar (pahina 48). Para sa impormasyon tungkol sa mga gastos sa paggamit ng tubig sa kanal, makipag-ugnayan sa Hiroshima City Sewerage Bureau Management Division (Tel. 082-241-8258).

(2) Sa Kuryente

1. Simula ng paggamit at paghinto ng linya ng kuryente.

Chugoku Electric Power (Kung gagamit ng kuryente maliban sa Chugoku Electric Power, makipag-ugnayan sa naturang kumpanya.)

Lugar kung saan kayo nakatira	Telepono	Opisina
Naka Ward, Higashi Ward Minami Ward, Nishi Ward	0120-297-510	Hiroshima Energy Sales Center
Aki Ward	0120-525-079	
Asaminami Ward, Asakita Ward	0120-516-830	Hiroshima-kita Energy Sales Center
Saeki Ward	0120-517-270	Hatsukaichi Energy Sales Center

2. Sa oras ng backout

Chugoku Electric Power Transmission and Distribution Center

Lugar kung saan kayo nakatira	Telepono	Opisina
Naka Ward, Higashi Ward, Minami Ward, Nishi Ward	0120-748-510	Hiroshima Network Center
Aki Ward	0120-525-089	
Asaminami Ward, Asakita Ward	0120-516-850	Hiroshima Kita Network Center
Saeki Ward	0120-517-370	Hatsukaichi Network Center

(3) Gas

Sa simula ng paggamit/paghinto ng gas o may sira ang gas appliance

Hiroshima gas Customer Center (Kung gagamit ng gas maliban sa Hiroshima gas, makipag-ugnayan sa naturang kumpanya.)

Tel. 0570-002-888 dili po 082-251-2176

Kapag nag leak ang Gas

Tumawag po sa Hiroshima Gas Security Center Tel. 082-251-3219

* Ang Hiroshima Gas ay mayroon pong tagapagsalin sentro at sa pamamagitan ng terminal na mobile at mayroong mga wikang ingles, Intsik, Koreano, Portugal, Espanyol, Biyetnamis, at wikang Thai.

Para sa propane gas, makipag-ugnayan sa bawat lugar sa tindahang nag benta.
(Tel: 082-821-3634)

2 – 3 Bahay Tirahan



(1) Paghahanap ng matitirahan

Makipag ugnayan sa Real Estate Agents. Nagbibigay po ng sapat na impormasyon ang unibersidad na inyong pinag aaralan.

Kung nais umupa ng bahay, meron po kayong pipirmahang kontrata. At kailangan ang guarantor (hoshonin) at key money (reikin) at panseguridad na deposito (shikkin). Ito po ay isang kakaibang kontrata sa bansang Hapon. Para po sa mga mahahalagang kaalaman, kontakin po ang real estate ahente o, dili po ang unibersidad kung kayo po ay estudyante.

Kapag napagpasyahan na ang tirahan, magparehistro bilang isang residente (pahina 10).

Listahan ng mga nakikipagtulungang ahensya para sa paghahanap ng tirahan sa Lungsod ng Hiroshima

Mayroong listahan ng mga nakikipagtulungang ahente ng real estate upang madaling makahanap ang mga dayuhan ng matitirahan. Nasa website ng Lungsod ng Hiroshima ang listahang ito.

Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang "Para sa mga nahihirapan sa paghahanap ng tirahan: 1 Listahan ng mga Nakikipagtulungang Ahensya para sa Paghahanap ng Tirahan" sa website ng Lungsod ng Hiroshima.

<https://www.city.hiroshima.lg.jp/soshiki/144/350817.html>



Pampublikong paupahang bahay

1. Ang mga sumusunod ay maaaring mag-apply para pampublikong paupahang bahay:

Kung ikaw ay (a) ay isang rehistradong residente ng Hiroshima City na aktwal na nakatira dito at nakakatugon sa mga pamantayan kabilang ang mga nauugnay sa mga miyembro ng pamilya at kita. o (b) magtrabaho sa Hiroshima City at matugunan ang mga pamantayan kabilang ang mga nauugnay sa mga miyembro ng pamilya at kita, maaari kang mag-aplay upang manirahan sa munisipal na pabahay

2. Maaari kang mag-aplay sa dalawang paraan: ang isa ay magagamit sa buong taon at ang isa ay magagamit sa mga panahon ng aplikasyon na nangyayari apat na beses sa isang taon (sa Pebrero, Mayo, Agosto at Nobyembre)

Para sa detalye, makipag-ugnayan sa Architecture Division ng ward office (pahina 44) ng ward kung saan nakatira.

(2) Tamang Pag uugali

Ang ingay

Tandaan na kapag nakatira sa mga housing complex o apartment, ang ingay na ginagawa mo sa iyong bahay o apartment ay maaaring marinig ng iyong kapitbahay, na posibleng magresulta sa mga isyu. Mangyaring bawasan ang ingay, lalo na sa gabi at madaling araw, dahil maaaring mainis ang iyong mga kapitbahay.

(Siguraduhing nasa tamang lakas lamang ang telebisyon, radyo, mga kasangkapan tulad ng vacuum cleaners, washing machines, ingay galing sa shower/banyo, malakas na boses habang nakikipag-usap, malakas na pagbukas at pagsara ng pinto, atbp.)

◆ Paggamit ng mga shared area sa multi-dwelling housing

Ang mga hallways at hagdanan ay tinuturing na common areas. Huwag iwanan ang sariling gamit sa mga lugar na ito, dahil ang hallway ay maaaring gamitin sa oras ng paglikas tulad ng lindol o sunog.

(3) Asosasyon ng mga Magkakapitbahay, Asosasyon ng mga residente

Ang asosasyon ng magkakapitbahay at asosasyon ng mga residente ay nagsisilbing lugar para sa pagtulong at pakikisalamuha sa mga lokal na mamamayan (chonaikai o dili kaya jichikai). Kung kayo ay sumali bilang miyembro, makakakuha ka ng impormasyon tungkol sa lugar na tinitirahan. Isa pa naglalaan sila ng tulong sa panahon ng emergency tulad ng mga kalamidad at iba pa.

Kung nais maging miyembro, makipag-ugnayan sa pinuno ng grupo, chairman, leader, atbp. ng Community Revitalization Division o Asosasyon ng magkakapitbahay/residente ng lugar kung saan nakatira (pahina 44).

(4) Pag-aalaga ng mga hayop

1. Pagpaparehistro

Ang mga mamamayang mayroong alagang aso na lampas sa 91 araw ay kailangang iparehistro. Ang pagpaparehistro ng alagang hayop ay isang beses lamang. Nararapat iparehistro sa Sentro ng Kapakanan ng Hayop o sa Veterinary Hospital. Matapos magpaparehistro, makakatanggap ng lisensya para sa aso.

Sa mga sumusunod na pangyayari na nasa ibaba mangyaring abisuhan ang Sentro ng Kapakanan ng hayop.

- Kapag nagbago ang may-ari o tirahan
- Kapag namatay ang aso
- Kapag ang aso ay naka-kagat ng tao



2. Bakuna upang maiwasan ang rabies (isang beses sa isang taon)

Kung kayo ay nagmamay-ari ng aso, ito ay dapat pabakunahan ng anti-rabies.

Pabakunahan ang inyong aso sa mayroong sabay sabay na pagbabakuna o sa pribadong beterinaryo. Ang sabayang bakunahan ay ginagawa sa Siyudad ng Hiroshima sa pagitan ng Abril at Mayo.

Matapos ang bakuna, makakatanggap ng vaccination certificate.

😊 Ang lisensya ng aso at vaccination certificate ay dapat na nakasuot sa aso.

3. Microchipping ng aso at pusa

Simula Hunyo 1, 2022, ang mga aso at pusa na ibinebenta sa mga tindahan ng alagang hayop at mga breeder ay kinakailangang ma-microchip. Sa madaling salita, ang iyong bagong alagang hayop ay magiging microchip na sa oras ng pagbili, at kakailanganin mong irehistro ang iyong mga detalye at i-update ang impormasyon sa microchip.

Makipag-ugnayan sa Sentro ng Kapakanan ng Hayop, 11-27 Fujimi-cho, Naka-ku, Hiroshima-City, Tel. 082-243-6058

2 – 4 Tanggapan ng Koreo o Post Office



Sa Tanggapan ng Koreo, bukod sa koreo, ito ay nagbibigay din ng serbisyo sa pag-iimpok, may kaugnayan sa negosyo at insurance.

Kung lumipat ng tirahan, pumunta sa Post Office at ipasa ang *tenkyo-todoke*. Ang lahat ng sulat na naka-address sa lumang tirahan ay ipadadala sa bagong tirahan.

Customer Center

Tel. 0120-23-2886 (Hindi maaaring tumawag mula sa cellphone.)

Numero ng telepono kapag tatawag mula sa cellphone:

0570-046-666 o 0570-046-111 (Ingles)

Mga Katanungan kaugnay sa Koreo at Parsela : 8:00 am-9:00 pm araw-araw

* Homepage ng post office sa Ingles: https://www.post.japanpost.jp/index_en.html



2 – 5 Panuntunan sa mga Sasakyan

Sa Japan, ang mga kotse, motorsiklo at bisikleta ay tumatakbo sa kaliwang linya ng kalsada, at ang mga naglalakad ay sa kanang kalsada. Binibigyan ng prayoridad sa daan ang mga tumatawid sa kalsada.



(1) Bisikleta

- Kapag nagbibisikleta, mangyaring sundin ang limang panuntunang pangkaligtasan:
 1. Sa prinsipyo, manatili sa kalsada at manatili sa kaliwa. Sumakay lamang sa mga bangketa kapag pinahihintulutan at magbigay daan sa mga tumatawid
 2. Sundin ang mga signal ng trapiko at mga stop sign sa mga intersection at tingnan kung ligtas na magpatuloy.
 3. Buksan ang mga ilaw ng iyong bisikleta kapag nagbibisikleta sa gabi.
 4. Huwag kailanman sumakay sa ilalim ng impluwensya ng alcohol
 5. Magsuot ng helmet

Tandaan: Kinakailangang mag suot ng helmet kapag sasakay ng bisikleta. Gayundin, kapag nakasakay sa isang pang-adultong bisikleta na may naka-install na upuan para sa bata, obligado ang mga gumagamit ng bisikleta na magsikap upang matiyak na ang nakasakay na bata ay nakakabit ng kanilang seatbelt at nagsusuot ng helmet. Ang panuntunang ito ay nagkabisa simula Oktubre 6, 2022 at para sa mga batang wala pa sa antas ng elementarya.
- Protektahan ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagkuha ng insurance sa bisikleta
Sa ordinansa ng Hiroshima Prefecture, "obligasyon" ang pagkuha ng bicycle insurance. (hindi kasama ang mga menor de edad).
- Mapanganib na pag-uugali sa pagbibisikleta na dapat iwasan
 1. Bawal magbisikleta nang may nakasuot na earphone o headphone at habang nakikinig sa musika sa malakas na tunog.
 2. Bawal magbisikleta nang may kausap sa telepono.
 3. Sa pangkalahatang patakaran, bawal sumakay ang dalawang tao sa iisang bisikleta.
 4. Bawal magbisikleta nang magkatabi.

😊 Magsagawa ng regular na inspeksyon at maintenance ng bisikleta, at laging isaisip ang ligtas na pagbibisikleta.

Memo: Mga bisikleta at motorsiklo na walang bantay

Iparada ang bisikleta at motorsiklo sa paradahan na itinakda para sa mga ito.

Ang pag-iwan sa mga ito sa daan ay di lamang makasasagabal sa mga naglalakad kundi maaari rin itong maging sanhi ng aksidente sa mga naglalakad at sa trapiko.

Ang mga bisikleta at motorsiklo na naiwan sa lugar kung saan matatagpuan ang kanang larawan ay kukumpiskahin.

Ang bisikleta ay ilalagay sa nakatalagang imbakan ng bisikleta. Mangyaring pumunta sa imbakan upang kuhanin ang bisikleta.



Hiroshima City West Bicycle and Motorcycle Impound Lot Tel. 082-277-7916

Oras ng Pagbawi	Araw-araw 10:30 umaga-7:00 gabi (maliban sa mga holidays, at 29 ng Disyembre hanggang ika-3 ng Enero)
Multa	Bisikleta 2,200 yen, gentsuki (<50CC) 4,400 yen, motorsiklo 5,500 yen
Kailangang bagay	susi, ID (lisensya, school ID, health insurance card o iba pang makapagpapatunay ng pagkakakilanlan)

Ang pagbawi ay limitado lamang hanggang isang buwan. Ang mga di nabawing sasakyan ay itatapon ng munisipyo.



(2) Mga kotse / Motorsiklo


- Sa Japan, ang taong maaaring magmaneho ng kotse o motorsiklo ay ang mga taong mayroong isa sa mga sumusunod 1, 2, o 3.
 1. Lisensya ng pagmamaneho ng Japan
 2. Internasyonal na lisensya ng pagmamaneho batay sa Kompensyon sa Daang Trapiko (Geneva Convention)
 3. Lisensya ng pagmamaneho na inisyu ng bansa o rehiyon na nagbibigay permiso na magmaneho sa Japan, at dokumentong nakasalin sa wikang Hapon mula sa embahada o konsulado (sa kasalukuyan, saklaw nito ang Switzerland, Germany, France, Belgium, Monaco, at Taiwan).
- Kapag nagmamaneho ng kotse o motorsiklo, kinakailangan ang lisensya sa pagmamaneho. Huwag magmaneho kung walang lisensya (tulad halimbawa, kung nakalimutan ang lisensya sa bahay).
- Ang nagmamaneho at mga pasahero ay dapat gumagamit ng seatbelts.
- Ang mga batang wala pang 6 na taong gulang ay dapat gumamit ng child seat o dili kaya ay car seats.
- Kapag nakasakay sa motorsiklo, dapat magsuot ng helmet.
- Ipinagbabawal na magmaneho habang gumagamit ng cell phone o nasa impluwensa ng alak. Malaki ang multa kapag nakainom ang magmamaneho Kaya't iwasan ang magmaneho kapag nakainom ng alak.

(3) Bus / tren

Para sa pampublikong transportasyon tulad ng mga bus at tren, mangyaring tandaan ang mga sumusunod na kaugalian.

- Mag hintay sa pila para sa paghihintay ng bus o dili kaya tren, pumila ng maayos. Iwasan ang pagsingit sa pila dahil pumila sila ng matagal kaysa sa iyo.
- Iwasang manigarilyo sa loob pampublikong mga sasakyan.
- Iwasan tumawag at tumanggap ng tawag sa cellphone sa loob ng pampublikong sasakyan
- Hinaan ang pakikinig ng musika.



 **Memo: Pampublikong sasakyan**

Mayroong mga video na naglalaman ng impormasyon para sa pang-araw-araw na pamumuhay, tulad ng kung paano ang pagsakay sa bus o tren.

Simulan sa Hiroshima!

<https://www.youtube.com/channel/UCZuk9nZf0COsZyJxHg2YBLA>

[Wika] Hapon

[Subtitle] Ingles, Intsik, Hangul, Biyetnamis



3 Mahahalagang Papel

3 – 1 Paninirahan sa Bansang Hapon

Residency Management System

Dayuhan na mananatili sa Japan ng sandalian hanggang matagalan (higit sa 3 buwan)

(1) Residence card

Ang residence card ay ipinagkakaloob sa bawat isa na pinagkalooban ng pahintulot sa pagpasok at pagtira sa bansa. Naglalaman ito ng pangalan, petsa ng kapanganakan, tirahan, nasyonalidad/rehiyon, katayuan sa paninirahan, at panahon ng paglagi. Kasama rin dito ang larawan ng may-ari ng card. Kung nawala ang card o nasira, mangyaring mag-apply sa Immigration Bureau ng Japan. Maaari kang makakuha ng bagong card.

* Kung nawala ang pasaporte, mangyaring kumuha ng isang "sertipiko ng nawalang pag-aari" mula sa pulisya. Dalhin ang sertipiko at pumunta sa embahada o konsulado ng sariling bansa at muling kumuha ng pasaporte.

(2) Mga pamamaraan na may kaugnayan sa paninirahan [Mga Pamamaraan sa mga tanggapan ng lokal na pamahalaan]

1. Kung may pagbabago sa pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian, nasyonalidad, rehiyon, atbp.

Sa loob ng 14 na araw ng petsa ng pagbabago, dalhin ang sumusunod na mga papeles:

【Mahalagang papeles】 pasaporte, larawan, residence card, at dokumento na nagpapakita ng mga katotohanan ng mga pagbabago.

2. Kapag ang aktibidad batay sa katayuan ng tirahan ay binago, at kung kailan muling matatapos ang termino ng paninirahan.

Mangyaring mag-apply para sa pagbabago ng katayuan ng paninirahan o mag-apply para sa pag-renew ng permit sa paninirahan.

【Mahalagang papeles】 pasaporte, larawan, residence card, mga dokumentong pagpapatunay

Hiroshima Regional Immigration Bureau

2-31 Kami-Hatchobori, Naka-ku, Hiroshima City Tel. 082-221-4412

Sistema para sa Special Permanent Residents Status Ang sistema para sa mga Special Permanent Residents Status ay naiiba sa Residency Management System.

(1) Paglathala ng Special Permanent Resident Certificate

Ang Special Permanent Resident Certificate ay ibibigay sa mga Special Permanent Residents.

Napapaloob sa special permanent resident ang pangalan, kaarawan, tirahan, nasyonalidad, rehiyon, expiration date nito at ang larawan ng may-ari ng certificate. Ang isang taong wala pang edad na 16 na may residence certificate ay dapat magparehistro ng special permanent resident hanggang sa edad na 16.

Kung nawala ang inyong certificate o ito ay nasira, mangyaring mag-apply ng bagong certificate sa tanggapan ng ward.

(2) Sistema para sa Special Permanent Residents Status [Sumangguni sa inyong munisipyo sa pamamaraan]

1. Kung may pagbabago sa pangalan, araw ng kapanganakan, kasarian, nasyonalidad at rehiyon, ipagbigay-alam sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng nasabing pagbabago.

【Mahalagang papeles】 Pasaporte (kung may pasaporte), litrato, Special Resident Certificate, at iba pang angkop na dokumento na magpapatunay sa anumang pagbabago.

2. Kung ang inyong Special Permanent Resident Certificate ay na expired
Kung ang Special Permanent Resident Certificate ay na expired kailangang ihanda ang mga dokumento.

【Mahalagang papeles】 Pasaporte (kung may pasaporte), litrato at Special Resident Certificate.

Sistema ng Re-Entry

Ayon sa patakaran, ang mga sumusunod ay hindi na kailangan ng re-entry permit:

- Kung ang isang dayuhan na may wastong pasaporte at resident card
... Sa paglabas ng bansa, idineklara na ang pagbalik ay sa loob ng isang taon.
- Kung ang isang dayuhan na may wastong pasaporte at special resident certificate
... Kung ang isang dayuhan na may wastong pasaporte at special resident certificate at idineklara na ang pagbalik ay sa loob ng dalawang taon

Para sa mga katanungan tungkol sa sistema ng residente at Special Permanent Resident

Immigration Information Center

Bukas mula: Lunes-Biyernes 8:30-17:15

Sarado tuwing: Sabado, Linggo, special holidays, at Disyembre 29-Enero 3.

Tel. 0570-013904 (mula sa IP phone o ibang bansa 03-5796-7112)

3 – 2 Pagpaparehistro ng Tirahan

Ang mga midterm at long term at mayroong Special Permanent Resident ay dapat magparehistro bilang residente.



(1) Bago manirahan sa Japan (para sa mga midterm at long term na residente)

Matapos makumpirma ang lugar na titirahan, ipagpaalam sa ward office (pahina 44) sa loob ng 14 na araw dala ang inyong residence card. Kung walang residence card, dalhin ang pasaporte.

(2) Paglipat ng Tirahan

1. Paglipat mula sa Lungsod ng Hiroshima papunta sa ibang lungsod, ward o town

• Magsumite sa inyong local ward office (pahina 44) ng *Tenshutsu Todoke*. Bibigyan kayo ng *Tenshutsu Shōmeisho*, na kailangang pakaingatan na hindi mawala.

Sa loob ng 14 na araw, magsumite ng *Tennyū Todoke* sa inyong bagong lungsod, ward o town na inyong nilipatan.

【Mahalagang Papeles】 Residence card, special residence certificate ng lahat ng kasambahay, *Tenshutsu Shōmeisho* at My Number card (para sa taong mayroon nito)

- Para sa mga taong mayroong My Number card na magagamit para sa electronic certificate, maaaring online na magbigay ng notipikasyon ng paglipat sa labas ng lungsod (*tenshutsu todoke*). Para sa mga detalye, mangyaring magtanong sa Citizens Affairs Division ng ward office o sa branch office (pahina 44) ng ward kung saan kayo nakatira hanggang sa panahong iyon.

2. Paglipat sa loob ng Lungsod ng Hiroshima

Sa loob ng 14 na arw, magsumite sa inyong ward office (pahina 44) ng *Tenshutsu Todoke*
【Mahalagang Papeles】 Residence card, special residence certificate ng lahat ng kasambahay at My Number card (para sa taong mayroon nito)

Memo 1: Residence Certificate

Kapag kayo po ay nakarehistro bilang resident, ang local ward office o branch office ay magbibigay ng Residence Certificate (may bayad).

Ang mga mamamayan nangangailangan ng kopya ng Residence Certificate, maaaring mag-apply sa local ward office (pahina 44).

Ang kopya ng Residence Certificate ay maaaring makuha sa kahit saang local ward office o branch (pahina 44) sa lungsod ng Hiroshima.

Para sa mga taong mayroong My Number card na magagamit para sa electronic certificate, maaaring kumuha ng kopya ng residence certificate (*jūmin hyō*) sa convenience store at iba pa. Maaaring kumuha nito nang mas mura ng 100 yen kaysa kung kukuha nito sa tanggapan ng Citizens Affairs Division ng ward office o sa branch office (pahina 44).

Memo 2: My Number

Lahat ng mayroong Residence Certificate ay mayroon ding “My Number” (12-digit na personal na number). Kung nakapagrehistro bilang residente, kayo ay padadalhan ng My Number, na naglalaman ng litrato.

Magtanong sa local ward office o branch (pahina 44) para sa iba pang impormasyon.



Memo 3: Child Allowances

Mayroong child allowance na ibinibigay sa mga magulang na nagpapalaki ng mga bata hanggang 3rd year junior high school (hanggang March 31 matapos ang 15 anyos). At mula sa allowance para sa Oktubre 2024, maaari ring tumanggap ng child allowance ang mga taong nagpapalaki ng anak hanggang sa edad ng estudyante sa senior high school (hanggang sa unang Marso 31 pagkatapos maging 18 taong gulang). Sa mga hindi pa nakatanggap o mga lumipat ng tirahan mula sa labas ng lungsod ng Hiroshima, mag-sumite lamang ng aplikasyon. Para sa detalye, magtanong sa local ward office Dibisyon ng Kapakanan (pahina 45).

3 – 3 Kapanganakan ng Bata / Kamatayan / Kasal / Diborsyo

Kinakailangan na ipagpaalam sa inyong bansa kung may batang isinilang, may namatay, ikinasal o nag-diborsyo. Makipag-ugnayan sa embahada, konsulado ng inyong bansa na nasa loob ng bansang Hapon.

Ipaalam din sa inyong ward o branch office (pahina 44-46), gayundin sa Immigration Services Agency ng Bansang hapon.

(1) Kapanganakan ng Bata Ward office ng ward kung saan nanganak

Abiso	• Kailan ipapasa • Sino ang kailangang mag pasa	Saan ipapasa
Pag abiso ng kapanganakan (<i>Shusshō Todoke</i>)	<ul style="list-style-type: none"> Sa loob ng 14 na araw kasama ang araw ng kapanganakan Lahat 	Citizens Affairs Division ng ward office ng ward kung saan nakatira o ward kung saan nanganak (maaari rin sa branch office kung mayroon nito)
Pagkuha ng Pamantayan ng Residency	<ul style="list-style-type: none"> Sa loob ng 30 na araw Mula Mid at long term na residence 	Hiroshima Regional Immigration Bureau
Pahintulot na may kaugnayan sa Permanent residency	<ul style="list-style-type: none"> Sa loob ng 60 na araw ng pagkapanganak Special Permanent Residents 	Citizens Affairs Division ng ward office ng ward kung saan nakatira
Ulat ng kapanganakan (<i>Shusshō Renraku Hyō</i>)	<ul style="list-style-type: none"> Hanggat maaari po ay maaga Lahat 	Mutual Community Support Division ng ward office ng ward kung saan nakatira
Aplikasyon para sa Child Allowance (<i>Jidō Teate</i>)	<ul style="list-style-type: none"> Sa loob ng 15 na araw buhat ng kapanganakan Makipag-ugnayan sa local ward office na nasa kanan 	Welfare Division or branch office ng ward office ng ward kung saan nakatira (maliban sa Ninoshima Branch Office)
Aplikasyon para sa tulong na salapi sa mediko para sa mga bata	<ul style="list-style-type: none"> Kontakin ang local ward office na nasa kanan (Ang mga mayroong sapat na sahod ay hindi kabilang sa mga pagtulong sa salapi sa mediko para sa mga bata) 	Welfare Division or branch office ng ward office ng ward kung saan nakatira
Pag papatala sa National Health Insurance	<ul style="list-style-type: none"> Sa loob ng 14 na araw Mga taong may National Health Insurance 	Insurance and Pension Division o branch office ng ward office ng ward kung saan nakatira

* Kahit na ang bata ay ipinanganak sa Japan, at ang ama at ina ay dayuhan, ang bata ay hindi bibigyan ng Japanese citizenship. Makipag-ugnayan sa embahada ng inyong bansa o konsulado upang ipaalam ang kapanganakan ng bata.

(2) Kamatayan

Abiso	• Kailan ipapasa • Sino ang kailangang mag pasa	Saan ipapasa
Pag abiso ng Kamatayan (<i>Shibō Todoke</i>)	<ul style="list-style-type: none"> Sa loob ng pitong araw matapos malaman ang pagkamatay Lahat 	Citizens Affairs Division ng ward office ang ward kung saan nakatira o ward kung saan namatay (maaari rin sa branch office kung mayroon nito)
Pag abiso ng Kamatayan para sa National Health Insurance	<ul style="list-style-type: none"> Sa loob ng 14 araw mula sa araw na namatay Kung ang namatay ay may National Health Insurance 	Insurance and Pension Division o branch office ang ward office kung saan nakatira
Pagbabago sa Long-Term Care Insurance (<i>Kaigo Hoken</i>)	<ul style="list-style-type: none"> Sa loob ng 14 araw mula sa araw na namatay Kung ang namatay ay may Long-term care insurance 	Welfare Division or branch office ang ward office kung saan nakatira
Late-stage Elderly Medical Care System (<i>Kōki Kōreisha Iryō Seido</i>)	<ul style="list-style-type: none"> Sa loob ng 14 araw mula sa araw na namatay Taong kasapi sa Late-stage Elderly Medical Care System 	Welfare Division or branch office ang ward office kung saan nakatira

(3) Kasal

Abiso	• Kailan ipapasa • Sino ang kailangang mag pasa	Saan ipapasa
Abiso ng kasal	<ul style="list-style-type: none"> • Walang deadline ng pag aabiso ng Abiso ng Kasal (Magiging legal na mag-asawa matapos magsubmit ng Notification of Marriage) 	Citizens Affairs Division ng ward office ang ward kung saan nakatira * Ang mga papeles na kailangan at pamamaraan ay depende sa inyong nasyonalidad
Pagbabago sa National Health Insurance	<ul style="list-style-type: none"> • Sa loob ng 14 na araw matapos ikasal • Sa mga mayroong National Health Insurance 	Insurance and Pension Division o branch office ng ward office ang ward kung saan nakatira
Pagbabago sa Long-Term Care Insurance (<i>Kaigo Hoken</i>)	<ul style="list-style-type: none"> • Sa loob ng 14 na araw kung may pagbabago sa pangalan o tirahan ng mga taong may insurance 	Welfare Division or branch office ang ward office kung saan nakatira

(4) Diborsyo

Abiso	• Kailan ipapasa • Sino ang kailangang mag pasa	Saan ipapasa
Abiso ng Diborsyo	<ul style="list-style-type: none"> • Ayon sa mutual agreement, walang deadline ng pag abiso (Ang pamamaraan ng diborsyo ay maisasagawa, matapos iabiso ang Abiso ng Diborsyo) • Sa iba pang dokumento, 10 araw matapos ang diborsyo 	Citizens Affairs Division ng ward office ang ward kung saan nakatira * Ang mga papeles na kailangan ay maaaring depende sa inyong nasyonalidad
Pagbabago sa National Health Insurance	<ul style="list-style-type: none"> • Sa loob ng 14 na araw matapos ang diborsyo • Sa mga nagrehistro ng National Health Insurance 	Insurance and Pension Division o branch office ng ward office ang ward kung saan nakatira
Pagbabago sa Long-Term Care Insurance (<i>Kaigo Hoken</i>)	<ul style="list-style-type: none"> • Sa loob ng 14 na araw kung may pagbabago sa pangalan o tirahan ng mga taong may insurance 	Welfare Division or branch office ang ward office kung saan nakatira

 Memo: Sistema ng Panunumpa ng Nagsasama ng Siyudad ng Hiroshima

Sa Lungsod ng Hiroshima, ipinapatupad ang "Partnership Oath System" kung saan kinikilala ng Lungsod ng Hiroshima na nanumpa sa isa't isa bilang partner sa buhay ang magkaparehang sexual minority.

Hindi tulad ng marriage certificate, ang partnership certificate/card ay walang anumang legal na epekto. Sa kabila nito, maa-access pa rin ng mga mag-asawa ang isang hanay ng mga serbisyo sa munisipyo sa pamamagitan ng kanilang Partnerships certificate/cards. Para pa Sa ninanais na kaalaman makipag ugnayan sa Human Rights Education Division.

Telepono: 082-504-2165 <https://www.city.hiroshima.lg.jp/site/yasashii/199977.html>



3 – 4 Seguro ng Kalusugan (Health Insurance)

Ang Japan ay mayroong sistema ng seguro (o insurance) na magagamit sa pagpapagamot sa panahon ng pagkakasakit o pagkakaroon ng kapansanan. Ang sistemang ito ay hindi lamang pang-indibidwal, kundi isinaayos para sa kapakanan ng lahat. Maaaring mapasailalim sa isa sa tatlong sistema.

(1) Health Insurance (Seguro na pangkalusugan)

Kung kayo ang nagtatrabaho ng mahigit 20 oras sa isang linggo, kumikita ng mahigit 88,000 yen sa isang buwan, at sumasalob sa iba pang pamantayan, kayo ay mapapasailalim sa health insurance plan ng inyong pinagtatrabahuhan.

Kung ang inyong pamilya ang nakatira din sa Japan, sila din ay maaaring mapapasailalim sa health insurance. Makipag-ugnayan sa employer kung maaaring makatanggap ng health insurance.

(2) Seguro ng Pambansang Kalusugan (National Health Insurance)

Ang mga mamamayan na pinahintulatang manatili sa Japan ng mahigit 3 buwan ay kinakailangang maging miyembro ng Seguro ng Pambansang Kalusugan sa Lungsod ng Hiroshima. Upang maging miyembro, makipag-ugnayan sa local ward office, National Insurance and Pension Division (pahina 46) o branch office (pahina 44).

Gayunpaman, ang mga napapailalim sa alinman sa mga sumusunod ay hindi maaaring maging miyembro.

1. Mga kabilang sa may mga nakatalagang aktibidades

- pansamantalang naninirahan upang magpagamot o humanap ng lunas ng kanilang karamdaman, pati na ang mga naparito para mag-alaga sa mga kaanak nila
- dumating sa Japan para magbakasyon at maglibang, o asawa o kasama na dumating sa Japan sa parehong layunin ng magbakasyon

* Kung ang inyong katayuan sa paninirahan ay para sa isang "nakatalagang aktibidad", mangyaring magpakita ng kaukulang impormasyon na nagsasaad sa nakatalagang aktibidad.

2. Mga indibidwal na mayroong seguro sa medikal sa trabaho.

3. Mga indibidwal na nakatala sa sistemang medikal para sa mga matatanda

4. Mga indibidwal na tumatanggap ng pinansyal na tulong mula sa pamahalan (livelihood protection)

5. Mga tumatanggap ng pampublikong suportang pinansyal para sa mga naulilang Hapon sa bansang Tsina.

6. Mga nakatanggap ng sertipiko ng seguro mula sa pamahalaan ng kanilang pinagmulang bansa na may kasunduan sa seguro na kabilang sa medikal ng bansang Hapon.

(3) Planong Seguro Medikal (Medical Insurance Plan) para sa matatanda

Ang mga pumapaloob sa sumusunod ay maaaring gumamit ng Medical Insurance para sa Matatanda (Late-stage Elderly Medical Care system).

1. Mga taong edad 75 pataas.

2. Sa mga edad 65 hanggang 75, na may kapansanan sa nakatakdang antas – makipag-ugnayan tungkol sa pamamaraan para sa pagpapatunay ng pagkakaroon ng kapansanan sa Long Life Office. Makipag-ugnayan sa inyong tinitirahang local ward office, Longevity and Health Services Welfare Division (pahina 45) o branch office (pahina 44).

Samantala, ang mga sumusunod ay hindi kuwalipikado sa nabanggit na seguro:

- May permisong manirahan sa bansang Hapon ng hanggang tatlong buwan lamang (liban sa mga taong may balak manirahan dito ng mahigit pa sa tatlong buwan).
- Para sa mga nasa ilalim ng status of residence na "Designated Activities," mga taong may "aktibidad upang makatanggap ng medikal na pangangalaga" o "aktibidad ng pang-araw-araw na pangangalaga ng taong iyon," o kaya ay taong may "aktibidad ng pamamasyal, pagpapahinga at iba pang natutulad na aktibidad" o "asawang kasama ng taong ito."

* Para sa mga taong may status of residence na "Designated Activities," mangyaring ipakita ang "designation certificate" na nagpapakita ng detalye ng aktibidad.

- Mga individual na tumatanggap ng pinansyal na tulong mula sa pamahalaan (livelihood protection).
- Mga tumatanggap ng pampublikong suportang pinansyal para sa mga naulilang Hapon sa bansang Tsina.

(4) Pagpunta sa ospital

Sa tanggapan ng ospital, mangyaring magpatala sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod.

- Ipasok sa card reader ang My Number card, at sariling gawin ang pagpapatala.
- Ipakita ang insurance card ng inyong medical insurance o iba pa sa tauhan sa tanggapan.

Para sa taong magpapatala gamit ang My Number card, mangyaring irehistro para magamit ang My Number card bilang insurance card.

Mangyaring bayaran ang halagang sinabi ng ospital. At kung nagpaospital, mangyaring bayaran din ang halaga para sa pagkain at iba pa.

Memo: Mula Disyembre 2, 2024

Mula Disyembre 2024, hindi na mag-iisyu ng insurance card.

Subalit para sa mga taong mayroong insurance card sa Disyembre 2, maaaring gamitin ang insurance card na iyon sa loob ng maximum na 1 taon mula Disyembre 2 (hanggang sa panahon ng bisa kapag insurance card na may panahon ng bisa).

Kapag pupunta sa ospital, mangyaring magpatala gamit ang My Number card na inirehistro para magamit bilang insurance card.

Para sa taong walang My Number card na inirehistro para magamit bilang insurance card, mag-iisyu ng "eligibility certificate." Mangyaring ipakita ang eligibility certificate sa tanggapan ng ospital.

(5) Panganganak at Pagkamatay

Kung ang nakaseguro ay nanganak o namatay, siya ang makakatanggap ng salapi.

Para sa impormasyon, makipag-ugnayan sa kanya-kanyang Medical insurance office.

Makipag-ugnayan sa local ward office, National Insurance and Pension Division (pahina 46) o branch office (pahina 44) sa mga katanungan tungkol sa Hiroshima City National Health Insurance.

Makipag-ugnayan din sa local ward office, Welfare Division (pahina 45) o branch office (pahina 44) para sa mga katanungan sa Late-stage Elderly Medical Care system.

Memo: Mga Tulong na pang-medikal

Ang mga taong kumuha ng seguro sa kalusugan at napapasailalim ng alinman sa mga sumusunod na kundisyon ay maaaring makatanggap ng lahat o bahagi ng self-pay para sa mga gastos sa medikal. Mangyaring makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Kapakanan (pahina 45) o Dibisyon ng Seguro at Pensyon (pahina 46) ang ward office ng ward kung saan nakatira.

- Kapag pinalaki ang isang bata mula 0 taong gulang hanggang ika-tatlong baitang ng high school (hanggang sa unang Marso 31 pagkatapos ng araw na umabot ng 15 taong gulang ang bata) (Dibisyon ng Kapakanan)
- Nag-iisang magulang na nag papalaki ng bata (hanggang sa ika-31 ng Marso matapos maging 18 taong gulang ang bata) (Dibisyon ng Kapakanan)
- Taong mayroong malubhang mental at pisikal na kapansanan o taong may kapansanan sa pag-iisip (Dibisyon ng Kapakanan)
- Kapag napakalaki ng babayaran para sa Mediko (Dibisyon ng Seguro at Pensyon)

(6) Bayarin sa Seguro

Ang mga miyembro ng Medical Insurance ay kailangang magbayad ng premium. Ito ay nababatay sa halaga ng kita.

3 – 5 Seguro para sa Pangmatagalang Pangangalaga (Long-term Care Insurance)

Katangian ng mga Maaaring Maging Miyembro

Ang mga nangangailangan ng pangangalaga at pang araw-araw na tulong ng dahil sa sakit gaya ng palagiang pagkaratay sa higaan, o pagka-ulyanin ay maaaring gumamit ng sistema ng seguro para sa pangmatagalang pangangalaga.

(1) Katibayan ng Pangangailangan ng Pangmatagalang Pangangalaga

Kinakailangan maging kwalipikado sa lahat ng sumusunod sa ibaba upang maging kasapi sa nasabing seguro.

1. Naninirahan sa Lungsod ng Hiroshima
2. Mayroong tamang bisa at may balak manirahan sa bansang Hapon ng higit sa tatlong buwan.

Subalit sa mga taong may nakatalagang aktibidades ng sumusunod ay hindi makakatanggap:

- Ang visa na dala ay tulad ng pagpapagamot o ang mag-alaga sa taong nabanggit
- Mamamasyal o maglilibot sa Japan kasama ng kabiyak na pareho ng layunin

3. Ikaw ay nasa 40 taong gulang pataas

Kung ikaw ay nasa pagitan ng 40 taong gulang at 60 taong gulang nararapat kang pumasok sa Japanese Public Medical Insurance.

Kung ikaw ay nasa 65 taong gulang o pataas, ang siyudad ng Hiroshima ay mag papadala sa iyo ng Long Term care Insurance Card.

(2) Kung nais mong gamitin ang Long Term care

Una, nararapat magparehistro bilang isang nangangailangan ng long term care sa inyong local na lugar sa Welfare Division (pahina 45) o branch office (pahina 44).

Ang mga taong nakatanggap ng sertipikasyon para sa pangmatagalang pangangalaga o suporta ay maaaring gumamit ng pangmatagalang serbisyo ng seguro sa pangangalaga.

Gayunpaman, ang ilang mga serbisyo ay maaaring hindi magagamit depende sa antas ng pangangalaga. Kapag ginamit ang serbisyo, ayon sa batas, kayo ay kinakailangang magbayad ng 10%-30% (depende sa halaga ng kita) ng gastos.

Ang mga taong hindi nakatanggap ng sertipiko ng pangmatagalang pangangalaga ay maaaring gumamit ng serbisyo.

Para sa maraming kaalaman, makipag ugnayan sa inyong local ward tanggapan sa Welfare Division (pahina 45) o branch office (pahina 44).

(3) Bayad sa Seguro (Insurance Payments)

Kung kayo po ay nakapasok sa Long Term Health Insurance, kayo po ay nararapat magbayad ng seguro. Para sa may edad 65 taong gulang pataas, ang hulog ay nakabatay sa halaga ng kita ng nakaseguro. Para sa mga miyembro na may edad na mahigit 40 taong gulang at hindi hihigit sa 65, ang bayad ay kukuwentahin bilang bahagi ng kanilang bayad para sa segurong pang medikal kung saan sila rin ay nakapasok.

3 – 6 Pensyon

Ang lahat ng residente na may edad na 20 taong gulang hanggang 59 taong gulang ay nararapat nakapasok sa National Pensyon (Kokumin Nenkin). At kung kayo po ay nagtatarabaho sa kumpanya (atbp) kayo po nararapat nakapasok sa Employee Pension Insurance (Kosei Nenkin).

(1) Paano ang pagpasok

Makipag-ugnayan sa inyong local ward office, National Insurance and Pension Division (pahina 46) o branch office (pahina 44).

Ang mga kasapi ng Pensyon para sa Empleyado kasama ang kanilang mga asawa na suportado din ng naturang Pension ay kinakailangang magsumite ng aplikasyon sa kani-kanilang employer o sa lugar kung saan nagtatrabaho ang asawa.

(2) Bayarin para sa Pensyon

Ang mga taong nabigyan ng katunayan ng pagkaseguro ay kinakailangang magbayad ng premium. Kung mahirap magbayad ng premium dahil sa kakulangan ng kita, maaaring mag-apply ng partial o total exemption. Makipag-ugnayan sa local ward office, National Insurance and Pension Division (pahina 46) o branch office (pahina 44).

(3) Uri ng Bayarin para sa Pensyon

Pensyon	Sino ang maaaring makatanggap
Pensyon para sa Matatanda	Ibibigay sa mga miyembro na may edad 65 at pataas na naging kasapi ng pambublikong pensyon (public pension) ng 10 taon o mas mahaba pa (kasama ang panahong hindi na kinailangang magbayad ng insurance premium ayon sa gobyerno).
Pensyon para sa may kapansanan	Sa mga nagkasakit o na-pinsala habang miyembro ng pensyon.
Pensyon para sa namatayan	Para sa namatay habang miyembro ng pensyon. Ibibigay sa kanila asawa (kung ang asawa ay dependent at kasalukuyang nag-aalaga ng anak o mga anak) o sa anak o mga anak ng namatay.

Para makakuha ng benepisyo mula sa Pensyon para sa may Kapansanan o Pensyon para sa Namatayan, kinakailangang masunod ang ilang kundisyon ayon sa ibinayad.

Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan sa local ward office, National Insurance and Pension Division (pahina 46) o branch office (pahina 44).

Paalaala: Ang Ninoshima Branch Office ay hindi tumatanggap ng usapin ukol sa pensyon.

(4) Lump-sum Withdrawal Payment (Pagbabalik ng iyong pension)

Kung titigil bilang miyembro ng National Pension system, maaaring makatanggap ng lump-sum withdrawal payment. (*Dattai Ichiji Kin*) Ibibigay ang withdrawal payments sa sinuman na makatutupad sa lahat ng mga kundisyon na nakasaad sa ibaba, at nakapagsumite ng aplikasyon ng 2 taon mula sa paglabas ng bansang Hapon. Ang kabuuan na inyo pong matatanggap ay sang ayon sa haba ng inyong pagbabayad ng Insurance premiums.

- Sa mga walang nasyonalidad na Hapon
- Sa mga nakapag bayad ng National Pensions Premium ng 6 na buwan o mahaba pa.
- Walang address sa Japan
- Hindi tumatanggap ng pensyon galing sa Japan (kabilang ang allowance para sa mga may Kapansanan)

Pag-alis ng Japan, ang mga sumusunod ay nararapat ipadala sa Japan Pension Service:

【Mahalagang Papeles】

- Request for Lump-Sum Withdrawal Form (*Dattai Ichiji Kin Seikyusho*), Dokumentong pagpapatunay ng iyong basic pension number (tulad ng iyong pension book, o notice of basic pension number)
- Kopya ng mga pahina ng iyong pasaporte na nagsasaad ng iyong pangalan, date ng iyong kaarawan, nasyonalidad, iyong pirma, at ang visa status (atbp).
- Dokumentong nagpapatunay ang iyong bank account na naroon ang iyong pangalan, pangalan ng banko, numero ng banko (atbp).

Tungkol sa sistema ng pensyon sa Japan, manyaring tingnan ang website ng Japan Pension Service para sa mga detalye.

Sa international version ng website ng Japan Pension Service, nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pensyon sa wikang Hapon, Ingles, Intsik, Koreano, Portuguese, Espanyol, Indonesian, Tagalog, Thai, Vietnamese, Burmese, Cambodian, Nepali at Mongolian.

International version <https://www.nenkin.go.jp/international/index.html>

Japan Pension Service (日本年金機構)

(〒168-8505 3-5-24 Takaido-Nishi, Suginami-ku, Tokyo)

Tel. 0570-05-1165

* Kapag tatawag mula sa teleponong nagsisimula sa 050 o mula sa ibang bansa, mangyaring tumawag sa numero sa ibaba.

Tel. 03-6700-1165 (Teleponong nagsisimula sa 050)

Tel. +81-3-6700-1165 (international calls)

3 – 7 Buwis

(1) Buwis sa bansang Hapon

Sa buwis sa Japan, mayroong pambansang buwis na kinokolekta ng pambansang pamahalaan, at lokal na buwis na kinokolekta ng prefecture o munisipalidad.

National Tax		Income tax, corporate tax, inheritance tax, consumption tax, atbp.
Local Taxes	Prefectural Taxes	Prefectural resident tax, automobile tax, local consumption tax, atbp.
	Municipal Taxes	Municipal resident tax, property tax, light vehicle tax, atbp.

* Para sa mga katanungan tungkol sa national tax at Prefectural Tax, makipag-ugnayan sa National Tax Agency o sa prefectural taxation office.

(2) Buwisng kita

1. Tungkol sa Buwis ng Kita

Ang mga may pinagkukunan ng kita, tulad ng mga suweldo, ay kinakailangang magbayad ng buwis sa kita. Ang halagang babayaran ay tinutukoy ng halaga ng kita na natanggap sa loob ng isang taon sa pagitan ng Enero 1 at Disyembre 31

2. Paano magbayad ng income tax

<Sistema ng withholding tax>

Binabayad ito buwan-buwan ng kumpanya atbp. (Tinatawag na withholding tax ang paraan ng pagbabayad na ito).

- Kinakaltas ang buwis mula sa iyong suweldo para sa bayad.
- Kinakalkula tuwing Disyembre para malaman kung nasobrahan o nagkulang ang buwis na binayad mula Enero hanggang Nobyembre (tinatawag itong year-end adjustment). Kung sumobra ito, ibabalik ang buwis sa iyong sweldo sa Disyembre.

<Mag-file ng Tax Return>

Kung wala kang withholding tax o year-end adjustment mula sa kumpanya, kusang isumite ang iyong mga dokumento. (Tinatawag itong final tax return).

- Mag-file ng Tax Return Isusumite ang mga dokumento sa tax office ng ward kung saan nakatira sa pagitan ng Pebrero 16 hanggang Marso 15 ng taong sumunod sa taon kung kailan nagtrabaho.
- Binabayad ito sa pamamagitan ng convenience store, bangko, post office, internet atbp.

(3) Resident Tax at Prefectural Resident Tax ng Indibidwal (Residence Tax)

1. Tungkol sa resident tax

Sama-samang tinatawag na "residence tax" ang resident tax at prefectural resident tax ng indibidwal, at dapat itong bayaran kasama ng pambansang buwis na forest environmental tax.

Individual Municipal Resident tax + Individual Prefectural Resident tax = Resident Tax

Ang Resident Tax ay binabayaran ng lahat na may tirahan sa Japan mula sa unang araw ng Enero sa naturang taon at kumita ng sahod noong nakaraang taon. Ang halaga ng Resident Tax ay nakabase sa flat rate at rate mula sa halaga ng kita noong nakaraang taon.

Resident Tax = Flat rate + Rate base sa halaga ng kita

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang website ng Hiroshima City (<https://www.city.hiroshima.lg.jp/soshiki/26/199970.html>) o magtanong sa Municipal Tax Office (Municipal Tax Section) o Tax affairs section (pahina 47).



2. Pagbabayad ng buwis

Ang inyong employer ay nagbabawas ng buwis mula sa inyong sahod at ito ay ibinabayad sa City (Special Collection (*Tokubetsu Chōshū*) Maaari ding magbayad na pansarili (Ordinary Collection) (*Futsū Chōshū*) Ang lungsod ay magpapadala ng notipikasyon kung magbabayad ng pansarili. Basahin ang notipikasyon at magbayad ng buwis sa takdang oras sa pamamagitan ng convenience store, bangko, post office atbp. Gayundin, maaari ring magbayad ng municipal resident tax gamit ang credit card o payment app sa smartphone sa pamamagitan ng internet. At maaari ring magbayad online sa pamamagitan ng credit card, smartphone payment app, at iba pa.

3. Kung hindi magbayad ng tax, ano ang mangyayari?

Kung hindi kayo nakakabayad ng tax ayon sa takdang oras, kayo ay pagbabayaran ng tax hindi lamang sa halagang dapat bayaran kundi pati na rin ang late payment charges. Ang Lungsod ay maaari ring magsagawa ng mga paglilitis laban sa inyo para sa pagbawi ng hindi bayad na mga buwis sa pamamagitan ng pagsamsam ng mga ari-arian, pati ang inyong suweldo. Bayaran ang inyong mga buwis sa takdang oras upang maiwasan ito. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang Hiroshima City homepage <https://www.city.hiroshima.lg.jp/site/english/18862.html> (English site), o makipag-ugnayan sa Collections Division sa inyong ward (pahina 47 at 48).



Memo: Income Tax Convention

Kung ang inyong bansa ay may bahagi ng **Income Tax Convention** kasama ang Japan at kayo ay

- estudyante
- vocational trainee (training sa kumpanya)

kapag natupad ang mga kondisyon, maaaring ma-exempt sa income tax, residence tax at iba pa. Kailangang masunod ilang kundisyon para maging libre, at kailangang mag-sumite ng aplikasyon na magkahiwalay sa income tax at resident tax. Hindi makatanggap ng exemption sa residence tax at iba pa sa pamamagitan lamang ng pag-uulat ng income tax.

(4) Fixed Assets Tax at City Planning Tax

1. Tungkol sa Fixed Assets Tax

Babayaran ang fixed assets tax ng taong nagmamay-ari ng sumusunod (Sama-samang tinatawag na fixed assets ang mga ito.) sa Lungsod ng Hiroshima sa Enero 1 ng bawat taon.

- Lupain
- Gusali (bahay o apartment, condominium, building, tindahan at iba pa)
- Kagamitang ginagamit sa trabaho (makina, tools, bangka at iba pa)

Itatakda kung magkano ang babayaran batay sa halaga at iba pa ng pag-aaring fixed assets.

2. Tungkol sa City Planning Tax

Babayaran ang city planning tax ng taong nagmamay-ari ng lupain o gusali sa loob ng urbanisadong distrito (lugar kung saan magkakalapit ang mga bahay at tindahan) sa Lungsod ng Hiroshima sa Enero 1 ng bawat taon.

Itatakda kung magkano ang babayaran batay sa halaga at iba pa ng pag-aaring lupain o gusali.

Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website ng Lungsod ng Hiroshima (<https://www.city.hiroshima.lg.jp/soshiki/28/197220.html>), o magtanong sa Municipal Tax Office (Land section o House section) o Tax affairs section (pahina 47) kung nasaan ang fixed assets.



3. Paraan ng Pagbabayad ng Fixed Assets Tax at City Planning Tax

Ipapadala sa inyo ng Lungsod ng Hiroshima ang paunawa tungkol sa fixed assets tax at city planning tax sa bandang Abril.

Mangyaring tingnan ang nilalaman noon, at bayaran ang buwis sa convenience store, bangko, post office o iba pa hanggang sa deadline. Maaari ring magbayad online sa pamamagitan ng credit card, smartphone payment app, at iba pa.

Kapag ginawa ninyo ang pamamaraan para sa account transfer (paraan ng awtomatikong pagbabayad mula sa savings account), awtomatikong mababayaran mula sa account sa araw ng deadline.

(5) Automobile Tax / Light Motor Vehicle Tax

1. Rate para sa environmental performance

- Kapag bumili ng sasakyan, madalas itong binabayad kasabay ng sasakyan sa dealer kung saan mo binili ang sasakyan.
- Ang halagang babayaran ay batay sa uri atbp. ng biniling sasakyan.

2. Rate ayon sa klasipikasyon

- Binabayad ito ng mga taong nagmamay-ari ng sariling sasakyan sa Abril 1 ng bawat taon.
- Para sa mga sasakyan na may engine displacement na higit sa 660 cc, magbabayad ng "automobile tax classification rate." Para sa mga sasakyan na 660 cc pababa, magbabayad ng "light motor vehicle tax classification rate."
- Sa pagitan ng Abril hanggang bandang Mayo, magpapadala sa iyo ang siyudad o prepektura ng Hiroshima ng liham kung saan nakasulat ang halagang kailangan mong bayaran. Ang babayaran halaga ay batay sa klasipikasyon atbp. ng iyong sasakyan.
- Magbayad sa pamamagitan ng convenience store, bangko, internet, post office atbp. (bago ang takdang araw na nakasulat sa liham).
- Maaari ring magbayad gamit ang credit card o payment app sa smartphone sa pamamagitan ng internet.

3 – 8 Mga Pamamaraang Kailangan kapag Uuwi sa Sariling Bansa o Maglilipat sa Ibang Bansa

Kapag aalis sa Japan, tulad ng uuwi sa sariling bansa, maglilipat sa ibang bansa, at iba pa, kailangan ang mga sumusunod na pamamaraan.

(1) Mga Pamamaraan kaugnay sa Tirahan

1. Housing

• Municipal housing

Kapag maglilipat ang taong nakapangalan bilang tenant na nakatira sa municipal housing, kapag natakda na ang paglilipat, mangyaring magtanong sa Architecture Division (pahina 44) ng ward office ng ward kung saan kayo nakatira.

• Apartment o Condominium (mga tirahan liban sa municipal housing)

Kapag natakda na ang paglilipat, mangyaring magtanong sa ahente ng real estate na nagpaupa sa inyo nang hindi lalampas sa deadline na nakasulat sa inyong kontrata.

2. Basura

Hindi maaaring sabay-sabay na itapon ang maraming basura sa pagkolekta ng Lungsod ng Hiroshima. Mangyaring sarili ninyong dalhin sa pasilidad ng pagpoproseso na itinalaga ng Lungsod ng Hiroshima, o hilingin ang pagkolekta sa kumpanyang binigyan ng pahintulot ng Lungsod ng Hiroshima. Kung sariling dadalhin ang basura, nakatakda ang pagdadalhan ayon sa uri ng basura. Mangyaring tingnan ang website ng Lungsod ng Hiroshima para sa mga detalye.

Hindi naman maaaring sariling dalhin ang mga PET bottle, nare-recycle na plastik, at nakapipinsalang basura. Mangyaring hilingin ang pagkolekta sa kumpanyang binigyan ng pahintulot ng Lungsod ng Hiroshima.

<https://www.city.hiroshima.lg.jp/site/faq/13427.html>

Kung hindi marami ang basura, mangyaring tingnan ang wastong paraan ng pagtapon ng basura mula sa tahanan (pahina 55), at itapon iyon sa araw ng pagkolekta sa distrito kung saan kayo nakatira. Para sa malalaking basura, mangyaring maagang maghanda dahil kailangan ang pagpapareserba para rito.



3. Serbisyo ng Tubig

Mangyaring makipag-ugnayan sa Sentro ng Tanggapan para sa mga Kostumer na Maglilipat sa Hiroshima City Waterworks Bureau (Tel. 082-511-5959) nang hindi lalampas sa 3-4 araw bago ng araw kung kailan nais ipahinto ang tubig.

Maaari ring mag-apply mula sa website ng Waterworks Bureau (Mangyaring tingnan din ang pahina 3 at 4 tungkol sa tubig, kuryente at gas).

<https://www.water.city.hiroshima.lg.jp/soshiki/5/401.html>



(2) Notipikasyon ng Paglipat ng Residence Certificate (*jūmin-hyō*)

Bago maglipat, magsumite sa Citizens Affairs Division ng ward office o sa branch office ng ward kung saan kayo nakatira (pahina 44) ng "notipikasyon ng paglipat sa labas ng lungsod (tenshutsu todoke)" (Mangyaring tingnan ang pahina 10 at 11 tungkol sa paglilipat.). Dalhin ang inyong residence card o special permanent resident certificate, at ang My Number card (kung mayroon).

(3) Mga Pamamaraan kaugnay sa Pagpapalaki ng Anak

1. Child allowance

Para sa mga taong tumatanggap ng child allowance, bago maglipat, mangyaring magtanong sa Welfare Division ng ward office (pahina 45) o sa branch office (pahina 44) ng ward kung saan kayo nakatira.

2. Nursery school (hoikuen)

Para sa mga taong may anak na pumapasok sa nursery school, bago maglipat, mangyaring magsumite ng "taien todoke (notipikasyon ng pag-alis sa nursery)" sa pinapasukang nursery school. Maaaring humingi ng "taien todoke" form sa nursery school o sa Welfare Division (pahina 45) ng ward office.

3. Child rearing allowance

Para sa mga taong tumatanggap ng child rearing allowance, bago maglipat, mangyaring dalhin ang sertipiko ng child rearing allowance sa Welfare Division (pahina 45) ng ward office ng ward kung saan kayo nakatira.

4. Tulong para sa medikal na gastusin ng anak

Para sa taong tumatanggap ng tulong para sa medikal na gastusin ng anak, bago maglipat, mangyaring isauli ang sertipiko ng tagatanggap ng medikal na gastusin ng anak sa Welfare Division (pahina 45) ng ward office o sa branch office (pahina 44) ng ward kung saan kayo nakatira.

5. Tulong para sa medikal na gastusin ng tahanan ng single parent atbp.

Para sa taong tumatanggap ng tulong para sa medikal na gastusin ng tahanan ng single parent atbp., bago maglipat, mangyaring isauli ang sertipiko ng tagatanggap ng medikal na gastusin ng tahanan ng single parent atbp. sa Welfare Division (pahina 45) ng ward office o sa branch office (pahina 44) ng ward kung saan kayo nakatira.

(4) Mga Pamamaraan kaugnay sa Insurance at Pension

1. Health insurance

Bago maglipat, gawin ng mga kasapi sa National Health Insurance ang pamamaraan ng pagkalas (*dattai*) sa Insurance and Pension Division ng ward office (pahina 46) o sa branch office (pahina 44) ng ward kung saan nakatira. Para sa pamamaraan ng pagkalas mula sa National Health Insurance, mangyaring dalhin ang ① National Health Insurance card, at ② My Number card (bagay kung saan matitiyak ang identipikasyon ng taong kakalas).

Para sa mga taong kasapi sa health insurance ng kumpanya, mangyaring itanong sa kumpanya kung may kailangang pamamaraan (Mangyari ring tingnan ang pahina 14 tungkol sa health insurance.).

2. Long-term care insurance (*kaigo hoken*)

- Para sa mga taong 40 taong gulang o higit pa na inisyuhan ng long-term care insurance certificate, bago maglipat, mangyaring dalhin ang long-term care insurance certificate sa Welfare Division (pahina 45) ng ward office o sa branch office (pahina 44) ng ward kung saan kayo nakatira.

- Para sa mga taong kinilala ng Lungsod ng Hiroshima bilang nangangailangan ng long-term care (*yō-kaigo*) o nangangailangan ng suporta (*yō-shien*) at inisyuhan ng Sertipiko ng porsyento ng papasanin gamit ang long-term care insurance (*kaigo hoken futan wariai-shō*), Sertipiko ng limit sa halagang papasanin gamit ang long-term insurance (*kaigo hoken futan gendo nintei-shō*) o iba pa, bago maglipat, mangyaring dalhin ang Sertipiko ng porsyento ng papasanin gamit ang long-term care insurance, Sertipiko ng limit sa halagang papasanin gamit ang long-term insurance o iba pa, sa Welfare Division (pahina 45) ng ward office o sa branch office (pahina 44) ng ward kung saan kayo nakatira.

3. Pensyon

Bago maglipat, gawin ng mga kasapi sa National Pension ang pamamaraan ng pagkalas (*dattai*) sa Insurance and Pension Division (pahina 46) ng ward office o sa branch office (pahina 44) ng ward kung saan nakatira. Para sa mga taong kasapi sa Employees' Pension ng kumpanya, mangyaring itanong sa kumpanya kung may kailangang pamamaraan (Mangyaring tingnan din ang pahina 17 tungkol sa pensyon.).

(5) Mga Pamamaraan kaugnay sa Buwis

1. Income tax (buwis na ibinabayad sa pambansang pamahalaan)

Para sa mga taong kailangang mag-file ng tax return, bago umalis ng Japan, mag-file ng tax return at bayaran ang income tax. Mangyaring magtanong sa tax office para sa mga detalye.

2. Residence tax (buwis na ibinabayad sa prefecture at lungsod)

Mangyaring magtalaga ng taong magbabayad sa ngalan ninyo (tax agent). Mangyaring magtanong sa Resident Tax Section ng Municipal Tax Office o Tax Affairs Section (pahina 47) para sa mga detalye.

3. Fixed Assets Tax at City Planning Tax

Mangyaring magtalaga ng taong magbabayad sa ngalan ninyo (tax agent). Mangyaring magtanong ang mga taong nagmamay-ari ng lupain o gusali sa loob ng Lungsod ng Hiroshima sa Land Section ng Municipal Tax Office o Tax Affairs Section (pahina 47).

* Mangyaring tingnan din ang pahina 18 tungkol sa buwis.

(6) Iba pang Mahahalagang Pamamaraan

1. Pagsasauli ng sertipiko ng pagrehistro ng inkan

Bago maglipat, isumite ang "Sertipiko ng Pagrehistro ng Inkan (*Inkan Tōroku-shō*)" sa Citizens Affairs Division ng ward office o sa branch office (pahina 44) ng ward kung saan kayo nakatira.

2. Pagsasauli ng residence card (kung uuwi sa sariling bansa)

Kapag aalis na sa Japan, isauli sa airport o port (Mangyaring tingnan din ang pahina 9 tungkol sa residence card.).

3. Pagsasara ng bank account sa Japan

Bago umalis sa Japan, mangyaring isara ang bank account. Mangyaring magtanong sa bangko kung saan kayo may account para sa mga detalye.

4. Pagkansela ng cellphone sa Japan

Para sa mga taong kumuha ng kontrata para sa cellphone service sa Japan, mangyaring ikansela ang cellphone bago kayo umalis sa Japan. Mangyaring magtanong sa kumpanyang kakontrata ninyo sa cellphone service para sa mga detalye.

5. Pagkansela ng internet

Bago umalis sa Japan, mangyaring magtanong sa kakontrata ninyong internet provider.

Memo: Pagrehistro ng Inkan

Sa Japan, ang inkan/hanko kung saan nakaukit ang inyong pangalan ay ginagamit bilang pirma. Ang mga nakarehistrong inkan ay tinatawan na *jitsuin*. Ang paggamit ng rehistradong inkan kasama ang Certificate of Registration ay magiging legal na kumpirmasyon ng may-ari. Para mairehistro dalhin ang inkan at Residence Card o Special Permanent Resident Certificate sa local ward office sa Citizens Affairs Division o branch office (pahina 44). Ang ilang hanko ay hindi maaaring irehistro. Makipag-ugnayan sa local ward office, Affairs Division o branch office (pahina 44) para sa detalye.

4 Serbisyo sa Pagsuporta

4 – 1 Kapag Nagkasakit o Nagka-injury (Ospital / Klinika), Pag-iwas sa Nakakahawang Sakit



(1) Kapag Nagkasakit o Nagka-injury

Kung kayo ay magkasakit o magkapinsala, dalhin ang insurance card (*hokensho*) at magdala ng kaunting halaga, at magpunta sa ospital o klinika. Alamin ang oras ng bukas ng outpatient ng ospital o klinika, at kung magagamot ang inyong sintomas.

Ang ilang ospital at clinic staff ay nakakasalita lamang ng Hapon, mas makabubuti na magsama ng nakakapagsalita ng Nihongo.

Departamentong Medikal	Serbisyong Medikal
Internal Medicine	Kapag masama ang pakiramdam ng katawan tulad ng lagnat, ubo at sipon atbp.
Surgery	Kapag kailangang maoperahan upang gumaling mula sa sakit o sugat
Pediatrics	Kapag may sakit ang sanggol o bata
Orthopedics	Kapag masakit ang buto, kasukasuan, muskulo atbp.
Otorhinolaryngology	Kapag may sakit sa tainga, ilong, o lalamunan
Ophthalmology	Kapag may sakit sa mata
Dermatology	Kapag may sakit sa balat
Dentistry	Kapag masakit ang ngipin
Obstetrics and Gynecology	Kapag buntis, manganganak atbp.

Memo 1: Magkaroon ng doktor ng pamilya

Ang doktor ng pamilya ay doktor sa malapit na klinika (ospital, klinika atbp.) na maaaring konsultahin sa pang-araw-araw tungkol sa kalusugan at kung saan maaaring magpatingin kapag nagkasakit o nagkasugat. May mga kaso kung saan maaari ring magpatingin kahit tuwing holiday o sa gabi kung kaya't ugaliing magkaroon ng doktor ng pamilya.

Memo 2: AMDA Medical Information Center (NPO)

Ang NPO AMDA Medical Information Center ay nagbibigay ng tulong konsultasyon sa iba't-ibang wika tungkol sa pagbisita sa hospital. <https://www.amdamedicalcenter.com>
Tel. 03-6233-9266



Memo 3: Medical information net (NABII)

Ang website ng Medical information net (NABII) ay nagbibigay ng impormasyon sa English tulad ng on-duty doctors tuwing national holidays at di-pangkaraniwang oras ng trabaho.

Sa English site, maaaring maghanap ng ospital at klinika na may serbisyo sa iba-ibang wika. <https://www.iryuu.teikyouseido.mhlw.go.jp/zkn-web/juminkanja/S2300/initialize>



Biglaang Pangangala tungkol sa medikal tuwing holiday o dili kaya afterhours

Basahin ang pahina 50 sa listahan ng mga lugar ng emergency medical care na bukas tuwing national holiday at afterhours. Subalit ang mga mga lugar na ito ay para sa mga talagang nangangailangan ng medikal na kaso lamang. Bago pumunta sa mga ito, pag-isipan mabuti kung makapaghihintay sa oras ng bukas ng ospital o klinika.

(2) Pag-iwas sa Nakakahawang Sakit

1. Paghuhugas ng kamay

Kapag umuwi sa bahay o bumalik sa lugar ng trabaho mula sa labas, kapag magluluto, bago kumain, pagkatapos pumunta sa toilet, at iba pa, mangyaring gumamit ng sabon at hugasan ang inyong mga kamay. Pagkatapos maghugas gamit ang sabon, banlawan nang husto ng tubig. Pagkatapos maghugas ng kamay, punasan ang kamay gamit ang malinis na tuwalya o iba pa.

2. Etiketa sa pag-ubo

Ang "etiketa sa pag-ubo" ay ang pagtaklob sa bibig o ilong gamit ang face mask, tissue, panyo o iba pa kapag uubo o babahing, upang hindi mahawahan ang mga tao sa paligid ng sipon o iba pang sakit.

Kapag uubo o babahing, mangyaring sundin ang mga sumusunod.

- Mangyaring magsuot ng face mask.
- Kapag walang face mask, mangyaring takpan ang inyong bibig at ilong gamit ang tissue o panyo, manggas ng damit, loob ng jacket o iba pa.

4 – 2 Kalusugan at Kapakanan

Ang bawat seksyon ng local ward office ng Public Health Departments ay nagbibigay ng mga serbisyo para sa kalusugan at kapakanan ng bawat isa.

Nangangasiwa	Mga tinatalakay sa konsultasyon	
Mutual Community Support Division	General Consultations	Pagkonsulta sa Hygiene Medical at welfare, pagpasok sa tahanan na para sa mga matatanda, atbp.
	Konsultasyon tungkol sa kalusugan at medical exam ng mga matatanda	Konsultasyon sa kalusugan para high blood pressure, sobrang katabaan o obesity, iba pa.; Pagkonsulta sa ngipin; pagsusuri sa AIDS at konsultasyon; Pagsusuri para sa tuberculosis, cancer, iba pa.
	Konsultasyon para sa buntis, sanggol at pangangalaga ng sanggol	Maternity passbook, pagsusuri sa kalusugan ng sanggol, paaralan para sa sanggol at iba pa
	Konsulta para sa bata	Relasyon ng magulang at anak: Hindi pumapasok sa paaralan, delikwente, naglalakwatsa, pag aalaala sa pag iisip, sa panahon ng paglaki at pag-abuso, atbp.
	Konsultasyon sa bakuna	Bakuna para sa mga bata, bakuna laban sa trangkaso para sa mga may edad, atbp.
	Konsultasyon para sa pangangalaga ng may kapansanan sa isip	Kaisipang pangkalusugan
Welfare Division	Konsultasyon sa Medical Care ng mga matatanda at Welfare	Healthcare para sa mga senior citizens, pagpasok sa tahanan na para sa mga matatanda
	Konsultasyon tungkol sa nursing care insurance	Mga pamantayan upang makatanggap ng nursing care, premiums na dapat bayaran at iba pa
	Konsultasyon sa pangangalaga ng mga kabataan	Pagpasok sa nursery school atbp, tulong sa gastos medikal ng sanggol at iba pa, sustento para sa mga mga bata, suporta sa magulang sa pagpapalaki ng kanilang anak at iba pa)
	Konsultasyon para sa mga single parent	Tulong sa gastos medikal ng single parent, allowance sa pagpapalaki ng anak, at iba pa
	Konsultasyon para sa mga taong may kapansanan sa isip at katawan	Booklet na nagsasaad ng pagkakakilanlan ng may kapansanan, tulong sa gastos medical ng mga may mabibigat na kapansanan sa isip at katawan, daanan sa mga pasilidad, paraan ng pagtrato, (gabay o pagdalaw sa lugar ng may kapansanan at medical welfare at child welfare) nursing allowance
Family and Health Services Division	Konsultasyon para sa May paghihirap sa kabuhayan sa pera	Welfare at iba pang mga bagay ukol ditto
National Insurance and Pension Division	Mga konsultasyon tungkol sa mga isyung nauugnay sa Pambansang Dibisyon ng Seguro at Pensiyon	Pambansang Seguro sa Pangkalusugan, mga gastusing medikal, mataas na gastusin sa pagpapagamot, Pambansang Pensiyon, atbp.

Para sa mga katanungan, makipag-ugnayan sa naturang division sa pahina 44-46. Kung nahihirapan sa Hapon, makipag-ugnayan sa Consultation Counter para sa mga Dayuhan ng Lungsod ng Hiroshima at Aki-gun. (Tel. 082-241-5010).

4 – 3 Pag-aalaga ng Bata (Panganganak at Pagpapalaki ng Bata)

(1) Pagbubuntis at Panganganak

Kung kayo ay nagbubuntis, ipaalam sa local ward office, Mutual Community Support Division (pahina 45). Magpa-health checkup ng para sa mga buntis sa ospital.

Basahin ang pahina 12 para sa mga hakbang pagkatapos manganak.

1. Ang Handbook ng pangangalaga ng Ina at Anak

Ang handbook ng pangangalaga ng ina at anak ay paraan upang masubaybayan at mapatnubayan ang kalusugan nila, upang magkaroon ng talaan ng pagbubuntis, panganganak at pag-aalaga ng bata. Ito din ay naglalaman ng mga vouchers ng checkup at bakuna at iba pang serbisyo. Ito ay nakasulat sa Ingles, Intsik, Tagalog, Thai, Korean, Portugis, Espanyol, Indonesian, at Biyetnamis.

2. Suportang Benepisyo para sa Panganganak at Pagpapalaki ng Bata

Ang mga umaasang ina at ang mga nagpapalaki ng mga anak na nag-abiso sa lungsod ng kanilang pagbubuntis o panganganak ay karapat-dapat na makatanggap ng mga benepisyo upang makatulong sa pagbabayad para sa mga bagay na gagamitin para sa panganganak o pag-aalaga ng bata, o sa paggamit ng mga serbisyo ng suporta sa pagiging magulang. Makipag-ugnayan sa Mutual Community Support Division ng Public Welfare Department ng inyong lokal na ward office (pahina 45) para sa karagdagang impormasyon.

3. Check-ups para sa Kalusugan

Siguraduhing dalhin ang inyong anak sa check-up, upang sila ay lumaking malusog at malakas.

Check-up	Kailan	Saan at Paano
General health checkup para sa mga sanggol (health checkup para sa 1-month-old baby)	Mula 28 araw hanggang sa araw bago ng ika-6 na linggo pagkapanganak	<ul style="list-style-type: none">• Pasilidad na pangmedikal• Ipakita ang inyong Maternal and Child Health Handbook at Supplemental Information Booklet for the Maternal and Child Health Handbook
General Health Checkup para sa mga bagong panganak na bata	Dalawang beses hanggang sa unang taon na kaarawan ng bata	
Pagsusuri para sa 4 na buwan na gulang na bata	Ang Lungsod ng Hiroshima ay magpapadala sa inyo ng notipikasyon tungkol sa mga check-up na ito.	
Pagsusuri para sa isang taon at 6 na buwan gulang na bata		
Konsultasyon para sa 3 taong gulang na bata		

4. Pinansyal na tulong para sa Medikal na gastusin ng mga

Ang tulong pinansyal para sa medikal na gastusin ng mga bata ay matatanggap hanggang sa 3rd year junior high school o hanggang Marso 31 ng taon matapos ang kanilang 15 anyos na kaarawan. Ang tulong para sa inpatient care ay hanggang 3rd year ng junior high school, at para sa outpatient care ay hanggang 6th grade ng elementary school.

Hindi po kaangkop ang mga mamamayan na mayroong malaking kinikita.

Mula Enero ng 2025 naman, ang mga batang sakop sa tulong para sa medikal na gastusin ng regular na pagpunta sa ospital ay palalawakin sa "hanggang 3rd year junior high school student" mula sa "hanggang grade 6 elementary student."

5. Child Allowances

Ang mga magulang o guardian na nagpapalaki ng mga bata hanggang 3rd year junior high school o hanggang Marso 31 ng sumunod na tao matapos ang kanilang ika-15 anyos na kaarawan ay maaaring makatanggap ng Child allowance. Bukod dito, mula Oktubre 2024, makakatanggap ng child allowance ang mga taong nagpapalaki ng anak hanggang sa edad ng senior high school student (hanggang sa unang Marso 31 matapos maging 18 taong gulang ang bata). Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan sa local ward office Public Welfare Division (pahina 45).

(2) Nursery Schools at Kindergartens

Sa Japan, ang compulsory education ay nagsisimula mula edad na 6 (pahina 28). May mga pre-school facilities din para sa mga batang wala pa sa hustong gulang para magpunta sa paaralan kasama ang nursery schools at kindergarten.

1. Nursery Schools, (*Hoikuen*) atbp.

Ang mga Nursery schools at iba pang pasilidad ay nag-aalaga sa mga bata na ang mga magulang o guardian ay hindi kayang mag-alaga sa bahay dahil sa trabaho, sakit, o iba pang kadahilanan.

Kung nais ninyong ipasok ang inyong anak sa ganitong mga pasilidad, mag-apply sa ika-10 araw ng buwan, isang buwan bago magsimulang pumunta ang bata. Ngunit iba ang patakaran kung ang inyong anak ay ipapasok sa Marso o Abril.

Kung nais magtanong tungkol sa proseso ng aplikasyon at ang mga bayarin sa pagpasok ng bata sa nursery school, magtanong lamang sa dibisyon ng Public Welfare Division (pahina 45) na kinabibilangan ng nursery school at iba pa kung saan ninyo nais ipasok ang bata.

Pasilidad	Edad ng bata	Paliwanag
Nursery schools (<i>Hoikuen</i>)	Batang may edad mula o taong gulang hanggang bago pumasok ng elementary	Pasilidad na mayroong 20 o mahigit na mga bata
Certified Child Care Centers (<i>Nintei-Kodomo-en</i>)		Pasilidad na mayroong nursery school at kindergarten
Small day-care services (bata na may edad 0-2)	Edad ng bata mula 0 hanggang 2taon gulang	Pasilidad na mayroong 6-19 na mga bata
Daycare facilities na itinatag sa loob ng opisina		Pasilidad na inihahanda ng mga kumpanya para alagaan ang mga bata (daycare) para sa kanilang mga trabahador. Pasilidad ay tumatanggap din ng mga bata sa komunidad.

2. Kindergarten

Ang kindergarten ay pasilidad bago pumasok sa elementary school. May dalawang uri ng kindergarten: municipal at private.

Ang Municipal kindergartens ay para sa mga batang may edad na 4 hanggang lima (Ang Moto-machi, Ochiai, at Funakoshi Kindergartens ay tumatanggap din ng 3 taong gulang). Ang mga aplikasyon ng mga batang 3-4 taong gular ay tinanggap sa Oktubre para sa susunod na taon. Subalit kung ang kindergarten ay may bakante, maaaring mag-apply kahit kailan. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa municipal kindergarten, makipag-ugnayan sa Teacher Supervisory Division I ng Board of Education (Tel. 082-504-2784).

Ang mga pribadong kindergarten ay tumanggap ng mga bata ng may edad na 3 hanggang 5 taong gulang. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa kindergarten kung saan nais ninyong ipasok ang inyong anak.

4 – 4 Edukasyon

Ang compulsory education sa Japan ay binubuo ng elementary school (6-12 taong gulang) at junior high school (12-15 taong gulang). Sa mga nais pang magpatuloy sa pag-aaral ay kailangang makapasa ng pagsusulit, na binubuo ng senior high school (3 taon), unibersidad (4 taon) at junior college (2 taon).

Sa lahat ng paaralan, the pasukan ay nagsisimula ng Abril at natatapos ng Marso ng sumunod na taon.

May mga pambansang paaralan, pampublikong paaralan (prepektura, at munisipyo) at pribadong paaralan.

(1) Elementary, Junior High School, Natatanging Pang-suportang Eskwelahan

Ang mga estudyante ay maaaring pumasok sa municipal elementary, junior high school, at special needs schools na walang kinalaman ang abilidad sa Nihongo. Subalit ang lahat ng klase ay ibinibigay sa Nihongo. Ang paaralan kung saan papasok ang estudyante ay nakatalaga ayon sa tirahan ng estudyante.

Ang paaralan ay walang tuition fee, ngunit kaunting bahagi ng pagkain at ilang materyales ng pag aaral ay kaingang bayaran.

Elementary at Junior High Schools	Local ward office, Citizens Affairs Bureau (pahina 44), o sa School Affairs Division, Hiroshima Municipal Board of Education (Tel. 082-504-2975)
Special Needs Schools	Youth Consultation Center (Tel. 082-504-2197)

Memo 1: Mamamayan na nahihirapan sa bayarin sa paaralan

Ang Lungsod ng Hiroshima ay nagbibigay ng tulog sa bayarin sa paaralan sa mga pamilyang nahihirapan ipasok sa paaralan ang mga bata dahil sa problemang pinansyal. Makipag-ugnayan paaralan o kaya sa School Affairs Division, Hiroshima Municipal Board of Education (Tel. 082-504-2469).

Memo 2: Pagkatapos ng Pag aaral ng mga elementarya. Mamamayan na hindi matitingnan ang mga bata

Ang mga school clubs ay para sa estudyante sa elementary na hindi maasikaso ng mga magulang pagkatapos ng oras ng klase dahil sa trabaho o iba pang kadahilanan. Para sa impormasyon, makipag-ugnayan sa club kung saan nais ninyong ipasok ang inyong anak. (Para sa detalye, makipag-ugnayan sa Children's Outlook Bureau After-School Care Division Tel. 082-242-2014 o sa Community Revitalization Division ng ward office (pahina 44) ng ward kung saan nakatira.)

Memo 3: Muling Pag aaral ng elementarya o junior high school

Kung hindi nakatapos ng elementarya o junior high school, o hindi nakamit ang mga markang itinakda, mayroong panggabing paaralan (evening classes) para sa may edad na 15 anyos pataas para sa gusto muling mag-aral. Ang Hiroshima Municipal Futaba Junior High School at Hiroshima Municipal Kan-on Junior High School ay nagbibigay ng junior high school na pag aaral. Kung nais pumasok sa panggabing paaralan, makipag-ugnayanpo sa School Affairs Division, Hiroshima Municipal Board of Education (Tel. 082-504-2975).

(2) Senior High School

Higit sa 98% ng estudyanteng Hapon ay nagpapatuloy ng kanilang pag-aaral sa Senior High Schools.

Kailangang pumasa sa isang eksaminasyon bago makapasok sa high school. Mayroon ding mga high school na tumatanggap ng mga estudyante base sa espesyal na rekomendasyon. (Halimbawa, kahit hindi nakatapos sa Junior High School, kung malaman base sa isang eksaminasyon na ang talino ng bata ay katumbas ng talino ng mga batang nakatapos sa Junior High School, maaaring tanggapin pa rin ang bata upang kumuha ng entrance exam ng high school.)

Ang mga high school ay natatangi bilang nasyonal, prepektural, panglungsod o pribado. Ang nilalaman ng curriculum ay natatangi sa regular o espesyal na kurso (Engineering, Manufacturing, Agriculture, atbp.), general na kurso, o di kaya mga kursong natatangi depende sa oras (full time, part time [pang-umaga o pang-hapon], o sa pamamagitan ng sulat at koreo (correspondence course).

Para sa impormasyon ukol sa Municipal Senior High Schools, tawagan ang Teacher Supervisory Division II ng Hiroshima Municipal Board of Education (Tel. 082-504-2704).

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa iba pang Municipal High Schools, tawagan ang sumusunod na mga lugar.

- Pambansang Paaralan: Mataas na Paaralan ng Pamantasang Hiroshima Tel. 082-251-0192
- Pang-Prepektural Paaralan: Education Reform Division, Hiroshima Prefectural Board of Education Tel. 082-513-4992
- Pribadong Paaralan: Association of Hiroshima Prefecture Private Schools Tel. 082-241-2805

(3) Junior College, Kolehiyo, at Vocational School

Upang makapasok sa mga Junior College, Kolehiyo, o Vocational School, kinakailangang makapasa ng entrance exam tulad ng sa high school. (Kung sakaling hindi naman nakapagtapos ng pag-aral sa isang Junior High School o high school sa Japan, maaari pa ring kumuha ng entrance exam ang bata kung napagpasyahan na ang kanyang kaalaman ay katumbas sa mga nakapagtapos dito sa Japan.)

Kung nais makapasok sa unibersidad, mangyaring makipag-ugnayan sa eskuwela na nais pasukan.

(4) Mga paaralan para sa mga dayuhan o foreigners (international schools)

Sa siyudad ng Hiroshima, may mga paaralan para sa mga dayuhan o foreigners tulad ng Hiroshima International School na nagsasagawa ng mga klase sa wikang Ingles, at ang Hiroshima Korean School na nagsasagawa naman ng klase sa wikang Korean.

Ang mga paaralan para sa mga dayuhan ay nasasakop sa kategorya ng Miscellaneous Schools. Ang mga paaralan para sa mga dayuhan sa Hiroshima ay nagbibigay ng curriculum na katumbas sa Japanese Kindergarten, Elementary, Junior at Senior High School curriculum at ang mga mag-aaral na nagtatapos mula sa mga kurso sa Senior High School level ay maaring magpatuloy ng kanilang pag-aaral sa mga Japanese College o University. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ng direkta ang bawat paaralan.

- Hiroshima International School: Tel. 082-843-4111
- Hiroshima Korean School: Tel. 082-261-0028

4 – 5 Trabaho

Para sa mga usapin na kaugnay sa trabaho, makipag-ugnayan lamang sa mga sumusunod na opisina: National Holidays ay 12/29-1/3, ay sarado

Konsultasyon sa trabaho at paghahanap ng trabaho

Hiroshima Foreign Residents Employment Service Office (sa Hello Work Hiroshima)

8:30 am-12 pm, 1 pm-5:15 pm Tel. 082-511-1181

Espanyol at Portugis (Una, ika-3 at ika-5 Lunes at Huwebes)

Intsik Mula (Ika-2 at ika-4 na Lunes hanggang Biyernes)

English (Ika-2 Lunes, Miyerkules at Biyernes)

Mga Wika: Espanyol, Portugis, Intsik, Ingles mula 10 am-12 pm, 1 pm-4 pm

Hello Work Hiroshima Higashi

8:30 am-12 pm, 1 pm-5:15 pm Tel. 082-264-8609

Espanyol (Lunes, Miyerkules, Huwebes), Portugis (Lunes hanggang Biyernes), and Ingles (Lunes, Miyerkules, Huwebes)

Mga Wika: Espanyol, Portugis, Ingles mula 9 am-12 pm, 1 pm-5 pm

Konsultasyon sa problema sa trabaho at kundisyon sa trabaho

Hiroshima Foreign Workers Consultation Service on Working Conditions

(Inspection Division, Hiroshima Labor Bureau)

9 am-12 pm, 1 pm-4:30 pm Tel. 082-221-9242

Mga Wika: Portugis at Espanyol (Lunes, Martes, Huwebes, Biyernes), Intsik (Biyernes)

Hiroshima Central Foreign Workers Consultation Service on Working Conditions

(Hiroshima Central Labor Standards Inspection Office)

9:30 am-12 pm, 1 pm-5 pm Tel. 082-221-2460

Wika: Biyetnamis (Martes)

4 – 6 Problema sa Pananalapi

(1) Proteksyon o suporta ng pamumuhay (batay sa pambansang abiso alinsunod sa pambansang kapakanan)

Ginagarantiyahan na mag karoon ng sapat na pamumuhay para sa mga sambahayan na nahihirapan tulad ng tulong sa pamumuhay na sumusuporta sa mga gastusin na kinakailangan para sa araw-araw na buhay.

Mayroong mga kondisyon upang makatanggap ng suporta sa pamumuhay, sumangguni sa mga tanggapan ng sa Family and Health Services Division (pahina 46) ng ward office

(2) Mga suporta kung ikaw ay nasa problema ng Pananalapi

Kung kayo po ay nakararanas ng paghihirap sa pananalapi, sumangguni po sa local Livelihood Support Center (para po sa pagkonsulta.)

Livelihood Support Center ay bukas mula

Lunes-Biyernes 8:30 am-5:15 pm (maliban sa pista opisyal, Agosto 6, at Disyembre 29 hanggang Enero 3)

Purok	Telepono	Lokasyon
Naka-ku	082-545-8388	1-1 Ote-machi 4-chome, Naka-ku (Otemachi Heiwa Bldg 5F)
Higashi-ku	082-568-6887	9-34 Higashi-kaniya-cho, Higashi-ku (Inside Higashi Ward General Welfare Center 4F)
Minami-ku	082-250-5677	4-46 Minami-machi 1-chome, Minami-ku (Inside Minami Ward Office Annex Building 3F)
Nishi-ku	082-235-3566	24-1 Fukushima-cho 2-chome, Nishi-ku (Inside Nishi Ward Community Welfare Center 4F)
Asaminami-ku	082-831-1209	38-13 Nakasu 1-chome, Asaminami-ku (Inside Asaminami Ward General Welfare Center 5F)
Asakita-ku	082-815-1124	19-22 Kabe 3-chome, Asakita-ku (Inside Asakita Ward General Welfare Center 4F)
Aki-ku	082-821-5662	2-16 Funakoshi-Minami 3-chome, Aki-ku (Inside Aki Ward General Welfare Center 3F)
Saeki-ku	082-943-8797	4-5 Kairoen 1-chome, Saeki-ku (Inside Saeki Ward Office Annex Building 5F)

5 Para sa Mga Gustong Matuto ng Hapon

Bukod sa mga Japanese language schools, mayroon ding iba't-ibang Japanese class at mga pagtuturo ng mga international exchange groups, mga grupo ng volunteers at community halls sa iba't-ibang lugar sa Hiroshima, na makakatulong sa inyong pag-aaral ng Hapon.

